

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Sumali sa unang Pangkapaligirang Selebrasyon at Seremonya ng Grow Green Awards ng Brampton

BRAMPTON, ON (Abril 14, 2022) – Bilang bahagi ng Earth Month, ang Lungsod ng Brampton ay naghost ng pinaka-unang Pangkapaligirang Selebrasyon at Seremonya ng Grow Green Awards sa weekend ng Earth Day.

Ang Pangkapaligirang Selebrasyon at Grow Green Awards Ceremony ay magaganap sa Sabado, Abril 23 mula 10 am hanggang 2 pm sa Norton Place Park, na matatagpuan sa 170 Clark Boulevard.

Ang libreng event na ito ay bukas sa publiko, at magtatampok sa mga department, lokal na mga pangkat ng komunidad at mga non-profit ng Lungsod ng Brampton bilang bahagi ng community fair na may temang pangkapaligiran, mga aktibidad tulad ng nature walks at treasure hunts, at isang kids' zone. Ang event ay suportado ng Brampton Environmental Advisory Committee at ng Brampton Environmental Alliance.

Ang Seremonya ng Grow Green Awards ay magaganap sa 11:30 am, ipinagdidiriwang at kinikilala ang mga indibidwal at mga organisasyon na nagpakita ng pangkapaligirang liderato at nakapag-ambag nang malaki sa Grow Green Vision ng Brampton sa pagkonserba, mas pagpapahusay at pagbalanse sa ating likas at itinayong mga kapaligiran para lumikha ng nakakalusog, sustainable at madaling nakakabangon na Brampton.

Ang Grow Green Awards ay itinaguyod ng ARGO Development Corporation.

Kinakailangan ang pagpapatala para sa event na ito. Alamin ang mas marami pa at magpatala sa www.brampton.ca/earthmonth.

Bilang isang Green City, nagpapatuloy ang Brampton sa paggawa ng mga hakbang sa mga pagsisikap sa pagkasustainable at pagpapabawas sa epekto nito sa kapaligiran. Alamin ang tungkol sa ating mga inisyatiba sa www.brampton.ca.

Mga Link

- [Enerhiya ng Komunidad at Plano sa Pagbabawas ng Emission](#)
- [Centre para sa Transpormasyon ng Enerhiya ng Komunidad](#)
- [Estratehiya sa Parkland Dedication](#)
- [Plano ng Pangangasiwa sa Urban Forest](#)
- [Isang Milyong Punong-kahoy](#)
- [Demonstrasyon ng Electric Bus at Integration Trial](#)

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Green City, at inaasam ko ang ating pinaka-unang Pangkapaligirang Pagdiriwang at Seremonya ng Grow Green Awards. Ang mahalagang event na ito ay nagha-highlight at nagdidiriwang sa ating sustenableng lungsod at lahat na nakatulong para maging sustainable ito. Hinihikayat ko ang lahat na dumalo sa event sa Abril 23 sa Norton Place Park.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Konsehong ito ay committed sa pagpapaluntian ng ating lungsod. Dumalo sa Pangkapaligirang Selebrasyon at Seremonya ng Grow Green Awards para mas malaman ang tungkol sa pangkapaligirang mga proyekto ng Brampton, mag-chat at makibahagi sa ating mga lokal na organisasyon, mag-enjoy sa outdoor at ipagdiwang ang mga nakagawa ng kaibahan sa ating komunidad araw-araw.”

- *Paul Vicente, Chair, Public Works and Engineering; Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

“Dalhin ang ating pamilya at mga kaibigan sa ating unang Pangkapaligirang Pagdiriwang at Seremonya ng Grow Green Awards. Tayo ay nasa paglalakbay para bawasan nang 80% bago lumipas ang 2050 ang greenhouse gas emissions na nalikha ng Brampton, at ang mga residente ay makakatulong na panatilihin malinis, luntian ang ating lungsod at nagpapatuloy tungo sa mas sustenableng kinabukasan.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod, Wards 2 at 6; Member, Environment Advisory Committee; Member, CEERP Community Task Force, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagpapanatili sa mga residente na may-alam sa kung paano natin dinadagdagan ang pagiging sustainable at pagpapaganda sa mga pamantayang pangkapaligiran. Dumalo sa Pangkapaligirang Selebrasyon at sa Seremonya ng Grow Green Awards at mag-enjoy sa informative, celebratory at luntiang Sabado.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Office, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca